# Mga Karapatan ng mga Indibidwal na may Kapansanan sa Pag-unlad

***Ang bawat taong naninirahan o tumatanggap ng serbisyo sa pasilidad na ito ay may mga sumusunod na karapatan:***

May karapatan kang tratuhin nang maayos at may paggalang.

May karapatan kang makatanggap ng mga serbisyo na tutulong sa iyo upang mabuhay, magtrabaho, at makibahagi sa iyong komunidad.

May karapatan kang makipagkita sa mga tao at lumahok sa mga gawain ng iyong komunidad.

May karapatan kang gumamit ng telepono nang pribado upang tumawag o tumanggap ng tawag o mga text na mensahe.

May karapatan kang magsabi ng “HINDI” sa sinumang sumusubok baguhin ang iyong kilos sa pamamagitan ng pananakit, pananakot, o pagdulot ng pagkabahala sa iyo.

May karapatan kang itago ang iyong mga sariling gamit sa isang pribadong lugar na maaari mong pasukin anumang oras na gusto mo.

May karapatan kang makita ang iyong mga kaibigan, pamilya, kasintahan o mga partner araw-araw.

May karapatan kang pumili kung paano mo gustong gamitin ang iyong libreng oras at kung sino ang gusto mong makasama rito.

May karapatan kang mag-ehersisyo at mag-enjoy.

May karapatan kang magpadala at tumanggap ng mga liham na hindi binubuksan.

May karapatan kang magsuot ng sarili mong damit. Dapat mong mapili ang mga damit na iyong isusuot.

May karapatan kang pumasok sa paaralan o magtrabaho.

May karapatan kang pumili kung saan ka titira, kung sino ang makakasama mo sa tirahan, kung paano mo gugugulin ang iyong oras at kung sino ang gusto mong makasama sa iyong oras.

May karapatan kang magsabi ng “HINDI” sa droga, sa pagtatali o pagpigil sa iyo, o sa pagpilit na mapag-isa ka maliban na lamang kung kinakailangan ito upang maprotektahan ka o ang iba.

May karapatan kang maglaan ng oras na mag-isa o magkasama ang isang kaibigan.

May karapatan kang itago at gastusin ang sarili mong pera sa mga bagay na gusto mo, at itago at gamitin ang sarili mong mga gamit.

May karapatan kang magsabi ng “HINDI” sa operasyon sa utak na gustong gawin ng ibang tao dahil sa paraan ng iyong pag-uugali.

May karapatan kang makita ang isang doktor sa oras na kailangan mo ito.

May karapatan kang sumali sa isang relihiyon kung nais mo.

May karapatan kang magsabi ng “HINDI” sa mga bagay na maglalagay sa iyo sa panganib.

May karapatan kang magsabi ng “HINDI” sa electric shock na terapiya.

Maaari kang magkaroon ng iba pang mga karapatan ayon sa batas o regulasyon.

*Kung naniniwala kang tinanggihan ang isa sa iyong mga karapatan, maaari kang makipag-ugnayan sa isang Tagapagtanggol ng Karapatan na kailangang tumugon sa iyong reklamo. Ang taong namamahala sa pasilidad o ang kanilang itinalaga ay maaaring magsabi sa iyo kung paano makontak ang Rights Advocate (Tagapagtanggol ng Karapatan).

Sa pamamagitan ng pagpirma sa ibaba, aking pinatutunayan na nauunawaan ko ang aking mga karapatan gaya ng inilalahad sa dokumentong ito bilang isang residente o taong tumatanggap ng serbisyo sa pasilidad na ito.

______________________________ I-print ang Pangalan

______________________________ Petsa

______________________________ Lagda

______________________________ Petsa

______________________________ Pangalan ng Abogado

______________________________ Address/Lokasyon ng Opisina

______________________________ Telepono

______________________________ Lagda ng Tagasuri

______________________________ Petsa